

Ulan.

-Ni: Correction Fluid-

Malakas ang ulan sa labas.

Naiisip mo pa lang na susugod ka, nababadtrip ka na.

Wala kang payong.

Ayaw mong mabasa ang bagung – bago mong motor dahil regalo lang ‘yon sayo ng nanay mong nagpapaalila sa Hongkong para may maipalamon sa inyong magkakapatid.

At para na rin matustusan ang mga luho mo.

Iniiisip mo kung posible nga bang magsuot ka na lang ulit ng kapote, ‘yung parang plastik na proteksyon na usung – usong isinusuot ng mga batang yagit lalo na sa panahon ng tag – ulan.

Kaya lang, ikaw mismo, nawiwirduhan sa sarili mong ideya.

ring – ring – ring

Kanina pa nagri – ring yung telepono mong naka – saksak sa kusina, pero hindi mo masagot dala nang naghahanap ka ng kahit na anong pwedeng magamit bilang panangga sa mala – demonyong ulan sa labas.

ring – ring – ring

Hindi mo pa rin masagot ang telepono mo. Panhik – panaog ka sa hagdan ng bahay niyo dahil binubutinting mo lahat ng sulok. Tingin dito, hanap doon. Swerte kung may mahanap ka pang kahit na anong bagay bilang alternatibong proteksyon sa ulang hudyo.

ring – ring – ring

Sa pagmamadali mong masagot ang tawag, nahulog ka sa ikatlong baitang ng hagdanan. Napamura ka sa sakit. Mabuti na lang at walang nabali sa mga buto mo, dahil kung nagkataon, dagdag gastos na naman.

ring – ring – ring

Kinuha mo na ang telepono kahit na namimilipit ka pa sa sakit. Tiningnan mo muna kung sino ‘yung tumatawag. Napakunot ang noo mo dahil unknown number lang ang nakalagay sa screen.

Paksyet. Iniisip mong may nangti – trip na naman sayo.

Sa sobrang bwisit mo doon sa tumatawag, imbis na “hello,” mura agad ang isinalubong mo sa kanya.

“Potaena, sino ba ‘to?!” Nilakasan mo na ang boses mo upang magkarinigan kayo. Masyadong malalakas ang patak ng ulan sa inyong bubong. Sa sobrang lakas, parang delubyo, parang matatapos na ang mundo.

Unang segundo

Dalawang segundo.

Tatlong segundo.

Apat na segundo.

Limang segundo.

Naghihintay ka kung may sasagot sa kabilang linya, pero limang segundo na ang nakalilipas, wala ka pa ring tinig na naririnig.

“Potaena, ‘wag kang mangtrip. Ayusin mo buhay mo, g@go!” Asik mo doon sa taong nasa kabilang linya.

Wala pa ring nagsasalita. Umiinit na ng tuluyan ang ulo mo.

“Taena ka, mamatay ka na, letse!” Ibababa mo na lang sana ang tawag ng nagulat ka dahil may nagsalita.

--**“Marc—“**

Pamilyar sayo ‘yung boses. Hindi ka maaaring magkamali.

Iyon ang langit mo.

Ilang libong beses mo nang narinig ang boses na ‘yon. Ilang ulit mo nang hinihiling na sana, marinig mo ‘tong muli. Ilang daang hiling na ang naibulong mo para lang makita ang taong ‘yon sa pangalawang pagkakataon. Ilang milyong dasal na rin ang ginawa mo para lang makasama siya ulit sa iyong tabi.

Kaso, sa kabila ng lahat ng sakripisyo’t ginawa mo, bigo ka pa rin. Wala pa ring nangyari.

--**Marc, mahal kita. Mahal na mahal.—**

tuuuuuuuuuut – tuuuuuuuuuut – tuuuuuuuuuut

Nabitawan mo bigla ang telepono mo. Ang bilis ng tibok ng puso mo. Hindi ka kinilabutan kahit na ‘yon ang idinidikta ng katawan mo. Isinasaad ng isip mo na matakot ka, pero itinatatwa ka ng damdamin mo. Utak mo, kalaban ng puso mo. Naiinis ka, nagsisisi, nagagalit.

At ang masaklap pa, *nasasaktang muli.*

BAGYO. May bagyo noon pero nagpumilit ka pa ring pumasok. Wala naman kasing announcement na nagsasabing “wala kayong pasok” ang nakarating sa inbox mo. Taena lang. Ang tingin kasi sa inyong mga kolehiyo, waterproof.

Sinabi na ng ate mo na ‘wag ka na lang pumasok. Ano ba naman daw ‘yung isang araw na pagliban sa klase. Wala namang mawawala, at hindi mo rin naman ikamamatay pag ginawa mo. Pero dahil matigas ang ulo mo, umalis ka pa rin kasehodang bumabaha na sa lugar niyo.

Bitbit ang mga bitbitin, pumara ka na ng dyip. Wala kang pakialam kahit na madalang lang ang dumadaan dahil sa lakas ng ulan.

one message received

Fr: Aya

“Good morning. Marc, papasok ka na ba? Ingat ka ha. Mahal kita.”

Napangiti ka dahil sa nabasa mo. Gusto mong sagutin ang text niya, kaya lang wala ka ng pera pang – load. Nagtitipid ka dahil delay ang padala ng nanay mo. Di bale, magkikita naman kayo sa eskwelahan.

Iyon na lang ang inisip mo.

May humintong dyip. Sa wakas, nakasakay ka na.

Nasa Buendia ka na ng maipit kayo sa trapik. Anak ng teteng. Gusto mong tigpasin ang leeg nung driver dahil hindi marunong magpasikut – sikot. Peste. Male – late ka na sa unang klase mo.

one message received

Fr: Aya

“Marc, pwede mo ba ‘kong daanan dito sa Quiapo? Dito sa may underpass?! Andami ko kasing bitbit dahil sa report. Please babe?”

Potaena. Hindi mo na alam ang gagawin mo. Nasa Buendia ka pa lang, at alam mong male – late ka na ng tuluyan dahil sa punyemas na trapik at pesteng ulan. Pero sa kaso ni Aya, hindi siya pwedeng ma – late dahil major class agad ang unang klase niya. Kung hihintayin ka niya, malamang hindi na siya makaabot.

one message received

Fr: Aya

“Marc, siges na naman oh. Hindi ako makaalis dito sa may underpass dala ng ang lakas ng ulan. Sira pa ‘yung payong ko.”

Napamura ka na naman. Hindi ka makasagot sa text niya dahil nga wala kang pansagot. May iilan ka namang katabi sa dyip, pero ayaw mong maki – text dala ng umiiral ‘yang pride mo.

Limang minuto.

Sampung minuto.

Labinlimang minuto.

8:15 na. Malapit na kayo sa Taft Avenue. Medyo umuusad naman ang daloy ng trapiko. Nagpasalamat ka dahil diri – diretso na ang byahe niyo. Makakapasok ka pa sa pangalawang klase.

Iniiisip mo si Aya. Iniiisip mo kung nakaalis na ba siya sa underpass. Iniiisip mo kung nakapasok pa siya at nakahabol sa unang klase niya.

one message received

Fr: *unknown number*

“Marc, hinihintay ka raw ni Aya. Asan ka na ba?! Bakit hindi kayo magkasama?!”

Nabadtrip ka dahil doon sa text. Letse. Potaenang ulan. Ito ang punu’t – dulo ng lahat ng paghihirap mo ngayon. May sumabay pang hudas na naligaw sa inbox mo. Gusto mo sanang murahin ‘yung nagtext pero wala ka ngang load.

ring – ring - ring

Aya, calling ...

Hindi mo muna sinagot ang telepono. Tinitingnan mo kasi kung malakas pa ang ulan sa labas ng dyip.

Sa kasamaang palad, malakas pa rin ang buhos nito at mukhang walang balak huminto.

“Potaenang ulan. Badtrip!” Napamura ka na naman.

ring – ring - ring

Aya, calling ...

Pinindot mo ang answer button.

Sa wakas, sinagot mo na rin ang tawag niya.

Kanina pa niya hinihintay ang pagsagot mo.

“Hello, babe? Nasaan kana?!”

Matagal bago may sumagot sa kabilang linya.

--“B-babe .. okey lang ako. Mag - iingat ka ha?!”

“Babe, nasa Taft palang ako. Ikaw?!”

--“M-malapit na. O-okey lang ako. I-I love you, Marc.”

“I love y—“

Naputol na ang linya.

PAGDATING mo sa eskwelahan, suspendido ang klase. Baha na sa ilang parte ng lugar. Naguuwian na halos lahat. Potaena. Nabibiwisit ka dahil hindi agad sinabi ng mas maaga. Sayang ang baon, sayang ang pamasaha. Sayang ang pagod. Nagmukha ka lang tanga. Punyemas.

Naalala mo si Aya.

“Asan kaya ‘yun?!”

Nasagot ang tanong mo nang may lumapit sayong kaibigan niya.

“Marc, ako ‘yung nagtext kanina.”

“O?! Ikaw ba ‘yun? G@go ka, bakit kasi hindi ka nagpapakilala?!” Sagot mo sa kanya.

“M-marc .. S-si Aya.” Nakita mong may pag –aalala sa mga mata niya na nagtulak sayo para magtaka.

“Oh? Anong nangyari kay Aya?!”

“Hinihintay ka niya Marc kanina. Hinintay ka niya.”

Nagulat ka dahil bigla na lang siyang umiyak.

KAHIT na walang matinong payong, nagpumilit si Aya na lumabas ng bahay. Nagsuot na lang siya ng jacket bilang panangga sa ulan. Ibinalot na lang din niya sa makapal na tela ang bitbit na laptop upang di masira’t mabasa.

Pinigilan siya ng nanay niya dahil alam nito na sa mga ganitong pagkakataon, delikado sa lugar nila, lalo’t umuulan pa. Pero matigas ang ulo ni Aya. Sinabi pa niya sa nanay niya na wag itong mag –alala, dahil darating ka upang sunduin siya.

Naghintay si Aya sa underpass. Nakangiti pa siya habang hinihintay ang pagdating mo.

Limang minuto.

Sampung minuto.

Labinlimang minuto.

Tinitext ka niya, pero hindi ka sumasagot. Hindi siya makatawag sayo dahil natatakot siyang mapansin ng dalawang lalaking ilang metro lang ang layo mula sa harap niya.

Umagang – umaga pero mukhang hindi magiging maganda ang araw niya.

Panay na ang text niya sayo dahil nakita niyang masama na ang tingin ng dalawang lalaki sa kanya. Idinahilan na lang niya sayo na marami siyang bitbit at nagpapatulong lang siya, para hindi ka na mag – alala pa.

Pero hindi ka pa rin sumasagot.

Tinext niya na ang kaibigan niya. Sinabi niyang kung pwede, tawagan o itext ka at sabihing naghihintay siya sayo. Na naghihintay siya sa pagdating mo.

one message received

Fr: *insert name here*

“Natext ko na. Di ako nakatawag sa kanya dahil sira ang earpiece ng cp ko. Di naman siya nagreply e. Asan ka ba?!”

Nireplyan niya ang kaibigan niya.

To: *insert name here*

“Dito sa Quiapo, sa may underpass, naghihintay pa rin sa kanya.”

Isang segundo.

Dalawang segundo.

message sent

Nagulat na lang siya ng inakbayan siyang bigla nong isang lalaki. Tumabi naman sa gilid niya ang isa pa.

Naiirita't natatakot na si Aya. Wala siyang magawa dahil nanghihina na siya gawa ng pagkabasa sa ulan. Hindi rin nakatulong ang jacket na suot niya dahil lalo lang siyang nilalamig.

Nasaan ka na ba Marc? Bakit hindi ka nagreply?!

Iyan ang nasa isip ni Aya. Hinihintay niya pa rin ang pagsagot mo, ang pagdating mo.

Umaasa pa rin siyang darating ka.

“Akin na ‘yang bag mo.” Sabi sa kanya ng isa.

“Hindi po pwede.” Sagot niya sa lalaki. Ayaw niyang mawala lang sa isang iglap ang mga bagay na pinaghirapang – ipundar ng mga magulang niya.

“Wag ka ng pumalag miss, kung ayaw mong magurlisan.”

“Kuya, maawa po kayo.”

Akmang tatakbo si Aya palabas ng underpass pero napigilan siya ng dalawang lalaki. Takot na takot na siya. Walang tao sa loob nito, wala liban lang sa kanila.

Patuloy pa rin siya sa pagmamakaawa, patuloy pa ring umaasa na darating ka.

“Kuya, maawa na po kayo.” Umiiyak niyang sambit sa dalawang lalaki.

Hindi nakinig sa pagmamakaawa niya ang dalawang lalaki. Inundayan siya ng saksak. Isa pa. Isa pa. At isa pang saksak. Nakuha ang laman ng pitaka niya, tangay din pati ang laptop niya.

Tumakbo na ang mga ito palayo, basta na lamang siya iniwan.

Isang bagay lang ang natira sa kanya, dahil wala ito sa loob ng bag kundi nasa bulsa lang niya.

Duguan, nahahirapan mang huminga .. nagawa pa rin niyang hanapin ang pangalan mo sa telepono at i – dial ang iyong numero.

Hinihintay niya ang pagsagot mo.

Isang segundo.

Dalawang segundo.

Tatlong segundo.

Apat na segundo.

Limang segundo.

Hinihintay niya pa rin ang pagsagot mo.

Matagal bago may sumagot sa kabilang linya.

“Hello, babe? Nasaan ka na?!”

Pinilit niyang magpakatatag, pinilit niyang palabasing ayos lang siya para hindi ka mag – alala.

--“B-babe .. okey lang ako. Mag - iingat ka ha?!”

Totoo sa puso niya na ayos lang siya .. ayos lang siya hanggat ayos ka.

“Babe, nasa Taft palang ako. Ikaw?!”

Bago siya sumagot, hinugot niya muna ang pinakamalalim niyang buntong – hininga.

--“M-malapit na. O-okey lang ako. M-mahal kita, Marc.”

“I love y—“

Nabitawan na niya ang telepono. May luha sa mga mata niya. Luha ng panghihinayang, ng pag – aalala, ng pagsisisi.

Sapat na sa kanya ‘yon. Sapat nang malaman niya na mahal mo siya.

Iyon ang langit niya.

NAGSISISI ka dahil sa panghihinayang mo sa iilang walang kwentang bagay, pero ang kapalit naman ay ang pagkawala ng taong importante sa buhay mo.

Naalala mo na naman *siya*.

Ilang taon na nga ba?!

Napaupo ka na lang dahil sa sakit na nararamdaman mo. Kung pwede nga lang sanang balikan ang nakaraan, matagal mo ng ginawa.

Babalik ka sa mga panahong magkasama pa kayo, sa mga panahong pareho pa kayong masaya.

At higit sa lahat, babalik ka doon sa panahong kailangangang – kailangan ka niya, upang mailigtas siya.

Ilang beses ka mang humiling, subalit ang masaklap na katotohanan ..

Hinding – hindi mo na maibabalik ang lumipas na panahon.

Tumayo ka na mula sa kinauupuan mo. Pinulot mo na rin ang telepono mong nasa lapag. Lumapit ka sa bintana. Nagpakawala ng malalim na buntong – hininga.

“A-aya ...”

Wala kang narinig.

“Aya, patawad ...”

Naghihintay ka ng sagot. Umaasa kang maririnig mong muli ang tinig niya.

“Aya, p-patawarin mo ‘ko ...”

Naghihintay ka pa rin ng sagot. Umaasa ka pa ring maririnig mong muli ang tinig niya.

Pero wala ka pa ring narinig.

Inilibot mo na lang sa paligid ang iyong mga mata. Nadismaya ka lang, wala kang napala.

Nagpakawala ka ulit ng mas malalim na buntong – hininga.

Wala kang napala pero patuloy ka pa ring umaasa na maririnig mong muli ang tinig niya, ang sagot niya ..

Kahit na alam mong hinding - hindi mo na ito maririnig.

“Aya, p-patawarin mo sana ‘ko ...”

Wala pa ring sagot. Nalungkot ka lang.

At lalo lang nasaktan.

Nasaktan ka dahil sa labas, nakita mong ..

Malakas pa rin ang ulan.